

WAIVER SA PAGSUSURI SA PANDINIG NG BAGONG PANGANAK NA SANGGOL

Sinabi mong HINDI mo ninanais na ipa-screen para sa pandinig ang i yong sanggol. Mangyaring ipaalam sa iyong mga doktor na HINDI na-screen ang pandinig ng iyong sanggol.

Ang brochure na ito ay magbibigay sa iyo ng mahahalagang impormasyon tungkol sa pagsusuri sa pandinig. Ipinapaliwanag nito kung paano ginagawa ang pagsusuri at kung bakit ito mahalaga para sa iyong sanggol.

Kung gusto mong ipasuri ang pandinig ng iyong sanggol sa ibang pagkakataon, magagawa mo ito. Tawagan ang doktor ng iyong sanggol o 1-877-388-5301, nang Walang Bayad, para sa karagdagang impormasyon.

Ilang Sanggol ang Nawawalan ng Pandinig?

Ang malubhang pagkawala ng pandinig ay matatagpuan sa humigit-kumulang 2-4 sa 1,000 sanggol. Humigit-kumulang 50% ng mga sanggol na may pagkawala ng pandinig ay walang kilalang mga palatandaan o mga salik ng panganib, tulad ng malubhang karamdaman o kasaysayan ng pagkabingi sa pamilya. Ang ilang sanggol ay maaaring mawalan ng pandinig sa bandang huli sa buhay mula sa paulit-ulit na impeksyon sa tainga, meningitis, pinsala sa ulo o iba pang kondisyong medikal. Minsan nawawalan ng pandinig ang mga sanggol, at hindi alam ang dahilan.

Bakit Susuriin ang isang Sanggol?

Ang pagkawala ng pandinig ay maaaring hindi nakikita. Ngayon, ginagawang posible ng teknolohiya na matukoy ang pagkawala ng pandinig sa mga unang araw ng buhay ng isang sanggol.

Ang mga unang buwan at taon sa buhay ng isang bata ay napakahalaga para sa pagbuo ng mga kasanayan sa komunikasyon. Ang isang sanggol na nawalan ng pandinig o hindi nakakarinig ay maaaring nahihirapan sa pagbuo ng normal na mga kasanayan sa wika o maaaring hindi maging mahusay ang pagganap sa paaralan. Dahil dito, mahalagang matukoy nang maaga ang pagkawala ng pandinig at magbigay ng mga espesyal na serbisyo sa sanggol at pamilya.



May Magagawa!

Kung mas maagang matutukoy ang pagkawala ng pandinig ng isang sanggol, mas maagang maibibigay ang tulong. Ipinapakita ng pananaliksik kamakailang na ang tulong sa mga unang buwan ng buhay ay maaaring gumawa ng pagbabago sa buong buhay. Ang mga sanggol na mahina ang pandinig o hindi nakakarinig at tumatanggap ng mga serbisyo ng interbensyon (espesyal na tulong) sa edad na 6 na buwan ay mas malamang na magkaroon ng mga kasanayan sa wika at komunikasyon sa parehong rate ng mga sanggol na may normal na pandinig. Ang mga batang ito ay may mas malaking pagkakataon na magtagumpay sa paaralan.

Inirerekomenda ng American Academy of Pediatrics at iba pang mga propesyonal na organisasyon ang pagsusuri sa pandinig para sa lahat ng bagong panganak, at dapat malapit na masubaybayan ang pandinig sa mga unang yugto ng buhay.

Paano Namin Sinusuri ang Pandinig?

Ang screening ay aabutin lamang ng ilang minuto habang natutulog ang iyong sanggol. Pinapatugtog ang mga banayad na tunog sa pamamagitan ng mga earphone na partikular na ginawa para sa mga sanggol. Ang mga tugon ng iyong sanggol sa tunog ay awtomatikong susukatin ng Otoacoustic Emissions (OAE) o Auditory Brainstem Response (ABR).

Ang mga madaling paraan ng screening ngayon ay lubos na maaasahan. Bihirang hindi matukoy ang isang sanggol na walang pandinig.

Ano ang Susunod para kay sa Sanggol?

Dapat suriin ang pandinig habang lumalaki ang iyong sanggol. Ang Newborn Hearing Screening ay isang unang hakbang sa pagmamasid sa pandinig, pagsasalita, at pag-unlad ng wika ng iyong sanggol. Mahalagang bigyang pansin kung paano umuunlad ang wika at pagsasalita ng iyong sanggol.

Ang impormasyon sa "Mga Yugto ng Pagdinig at Pagsasalita ayon sa Edad" sa polyeto na ito ay naglilista ng ilan sa mga bagay na gagawin ng karamihan sa mga sanggol sa iba't ibang edad. Habang lumalaki ang iyong sanggol, maaari mong ihambing ang kanyang mga aksyon at pananalita sa listahan. Kung mayroon kang anumang mga alalahanin tungkol sa pandinig ng provider ng pangangalagang pangkalusugan.



Sino ang Magbabayad para sa Hearing Screening?

Karaniwang sinasaklaw ng insurance ang gastos sa Newborn Hearing Screening. Babayaran ng Medi-Cal ang screening para sa mga karapat-dapat na sanggol.

Mga Yugto ng Pandinig at Pananalita ayon sa Edad

Edad	Mga Yugto ng Pagdinig at Pagsasalita
Kapanganakan hanggang 3 Buwan	<ul style="list-style-type: none">» Tumatahimik sa mga pamilyar na boses o tunog» Tumutugon sa malalakas na tunog, nagugulat ang sanggol, kumukurap, tumitigil sa pagsuso, umiiyak, o nagigising.» Gumagawa ng mga banayad na tunog kapag gising, umuungol ang sanggol
3 hanggang 6 na Buwan	<ul style="list-style-type: none">» Ibinabaling ang mga mata o ulo patungo sa mga tunog, boses, mga laruan na gumagawa ng ingay, pagtahal ng aso» Nagsisimulang magsalita tulad ng mga tunog, "ga," "ooh," "ba" at p, b, m na tunog» Tumutugon sa pagbabago sa tono ng iyong boses
6 hanggang 9 na Buwan	<ul style="list-style-type: none">» Tumutugon sa sariling pangalan at lumilingon kapag tinatawag» Nauunawaan ang mga simpleng salita, "huwag," "babay", "juice"» Nagsasabi ng, "da da da," "ma ma ma," "ba ba ba"
9 hanggang 12 Buwan	<ul style="list-style-type: none">» Tumutugon sa parehong banayad o malakas na tunog» Inuulit ang mga iisang salita at ginagaya ang mga tunog ng hayop» Tumuturo sa mga paboritong laruan o pagkain kapag tinanong

Edad	Mga Yugto ng Pagdinig at Pagsasalita
12 hanggang 18 Buwan	<ul style="list-style-type: none"> » Gumagamit ng 10 o higit pang mga salita » Sumusunod sa mga simpleng pasalitang direksyon, "kunin ang bola" » Tumuturo sa mga tao, bahagi ng katawan o laruan kapag tinanong » Sumasayaw sa musika
18 hanggang 24 na Buwan	<ul style="list-style-type: none"> » Gumagamit ng 20 o higit pang mga salita » Pinagsasama ang 2 o higit pang mga salita, "mas marami pang juice," "ano iyon?" » Gumagamit ng maraming magkakaibang tunog ng katinig sa simula ng mga salita, b, g, m » Nakikinig sa mga simpleng kwento at kanta
2 hanggang 3 Taon	<ul style="list-style-type: none"> » Gumagamit ng 2-3 salita na pangungusap » Sa 2 taon, mauunawaan ng mga tao ang sinasabi ng bata minsan (25%-50%) » Sa 3 taon, mauunawaan ng mga tao ang madalas na sinasabi ng bata (50%-75%) » Sumusunod sa dalawang hakbang na tagubilin, "kunin ang bola at ilagay ito sa mesa"

Maaaring masuri ang pandinig sa anumang edad.

Layunin ng Newborn Hearing Screening Program ng California ang matukoy ang mga sanggol na walang pandinig at iugnay sila sa mga serbisyo bago mag-anim na buwan ng edad. Ang programa ay may Hearing Coordination Centers na nakikipagtulungan sa mga pamilya, tagapagkaloob ng pangangalaga sa kalusugan at mga ospital upang matiyak na ang mga bata ay makakakuha ng mga kinakailangang serbisyo.

Ang Newborn Hearing Screening Program ay nangongolekta ng impormasyon tungkol sa mga pagsusuri sa pandinig ng iyong sanggol ayon sa Seksyon 124119 ng Health and Safety Code. Maaaring gamitin ng mga Hearing Coordination Center ang impormasyong ito upang tulungan ka at ang iyong sanggol sa pagkuha ng mga



serbisyong maaaring kailanganin mo. Posible na ang Hearing Coordination Center ay maaaring makipag-ugnay sa iyo tungkol sa mga follow-up na serbisyo.

Para sa karagdagang impormasyon sa Newborn Hearing Screening Program,

- » Tumawag nang Walang Bayad sa 1-877-388-5301
- » o bisitahin kami sa web sa www.dhcs.ca.gov/services/nhsp